

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Inilulunsad ng Lungsod ng Brampton ang pangalawang taunang Programa sa Hardin sa Likod-bahay sa Pebrero 1

BRAMPTON, ON (Enero 25, 2021) – Ang popular na Programa sa Hardin sa Likod-bahay ng Lungsod ng Brampton ay magbabalik para sa pangalawang taon sa Pebrero 1.

Itong eco-friendly na inisyatiba ay nakakatulong sa pagsuporta sa seguridad sa pagkain sa ating lungsod sa pamamagitan ng pagbibigay sa mga kalahok ng libreng lupa, mga butil at nakakatuong na mga tip para palaguin ang kanilang hardin sa likod-bahay. Ang programa sa taon na ito ay bukas lamang sa mga bagong kalahok, kabilang ang mga hindi nagkaroon ng pagkakataon na lumahok sa 2020.

Ang Programa sa Hardin sa Likod-bahay ay humihikayat sa mga residente na magpalago ng ani at mga pananim sa ginhawa ng kanilang sariling mga tahanan at i-donate ang mga pinatubong mga ani sa mga lokal na food bank at mga samahan ng komunidad.

Ang programang ito ay sumusuporta rin sa pokus ng [Task Force ng Mayor sa Panlipunang Suporta sa COVID-19](#) sa seguridad sa pagkain, na nagpapatunay sa prayoridad ng Lungsod na pagiging sustainable na Luntiang Lungsod, at nagtataguyod sa mental at pisikal na kabutihan ng mga residente.

Ang mga residente ay pwedeng mag-register online para makatanggap ng libreng mga butil at lupa simula sa Lunes, Pebrero 1, sa 10 am sa www.brampton.ca/backyardgarden. Ang mga litrato sa mga harden sa likod-bahay sa taon na ito, mga tip sa paghahardin, mga tutorial at mga resource ay makikita sa web page. Iniimbitahan ang mga residente na gamitin ang hashtag na #GardensofBrampton para ibahagi ang kanilang mga hardin sa social media.

Sa taon na ito, ipinagmamalaking inisponsoran ang programa ng Scotts. Nagpapasalamat ang Lungsod sa lahat ng sumusuporta sa programa kabilang ang Mattamy Homes, Paradise Developments, Fieldgate Developments, TACC Developments, at Great Gulf.

E-newsletter ng Club ng Hardin sa Likod-bahay

Bago sa taon na ito, sumali sa aming buwanang e-newsletter ng club ng Hardin sa Likod-bahay. Bukas sa lahat ng mahilig sa paghahardin, ang mga miyembro ay tatanggap ng buwanang e-newsletter na may impormasyon sa paghahardin, mga oportunidad para magpadala ng mga tanong, payo sa paghahardin at suporta mula sa mga eksperto at mga partner sa komunidad, tulad ng Brampton Horticultural Society, eksklusibong mga alok, at mas marami pa. Bisitahin ang www.brampton.ca/backyardgarden para mag-register para sa Club.

Background

Ang Programa sa Hardin sa Likod-bahay ng Brampton ay nagkaroon ng napaka-matagumpay na taon ng inawgurasyon sa 2020, na may higit sa 10,000 libra ng ani na ibinigay sa mga lokal na food bank at mga samahan ng komunidad para sa mga residenteng nangangailangan mula Abril hanggang Oktubre;

kabilang ang Knights Table, Regeneration, Khalsa Aid, at United Sikhs. Ang inisyatibang ito ay ang una sa uri nito sa Canada, na pinasimulan bilang tugon sa COVID-19.

Pinapasulong ng programa sa Hardin sa Komunidad ang mga layunin ng [Brampton Grown Green Environmental Master Plan](#), na nagbanggit sa urban na agrikultura, bilang oportunidad para sa Lungsod.

Mga Quote

“Ang Programa sa Hardin sa Likod-bahay ay isang kamangha-manghang tagumpay sa Brampton sa nakaraang taon, at ikinagagalak kong ianunsiyo na ang programa ay muling magsisimula sa Pebrero 1. Pinagsasama ng programang ito ang ating komunidad, pinanatiling aktibo ang mga kalahok, at nagbibigay ng suporta sa pagkain para sa mga residenteng nangangailangan. Ipinagmamalaki kong suportahan ang inisyatibang ito para sa pangalawang taon sa ilalim ng liderato ni Konsehal Whillans.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Libo-libong mga residente ang nakatanggap ng libreng mga butil at lupa bilang bahagi ng Programa sa Hardin sa Likod-bahay, na nagbibigay ng higit sa 10,000 libra ng ani sa mga residenteng nangangailangan. Sa taon na ito, ang programa ay bukas sa mga bagong kalahok – ibig sabihin mas marami pang mga residente ang magkakaroon ng oportunidad na lumahok nitong napakahusay na inisyatiba. Maghardin, mag-enjoy sa outdoor, at magbigay sa taon na ito!”

- *Doug Whillans, Konsehal ng Lungsod Wards 2 at 6; Chair, Programa sa Hardin sa Likod-bahay, Lungsod ng Brampton*

“Ang Brampton ay positibong naapektuhan mula sa pagpapasimula at napakalaking suportang natanggap sa Programa sa Hardin sa Likod-bahay sa 2020, at inaasahan ng staff ng Lungsod ang paglulunsad sa programa sa 2021. Tiyaking i-bookmark ang www.brampton.ca/backyardgarden para mag-sign up at tanggapin ang iyong libreng mga butil at lupa, at maging bahagi nitong importanteng luntiang inisyatiba.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca